## WALANG DISKRIMINASYON SA MGA PROGRAMA AT AKTIBIDAD NG DISTRITO

Nakatuon ang Lupon ng Edukasyon sa pagbibigay ng pantay na oportunidad sa edukasyon para sa lahat ng indibidwal. Ang mga progama, aktibidad, at kasanayan ng distrito ay dapat na walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, relihiyon, katayuan sa pag-aasawa o pagiging magulang, kapansanan sa pag-iisip o pisikal, kasarian (*sex*), sekswal na pagkakakilanlan, kasarian (*gender*), pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, genetic na impormasyon, o status ng imigrasyon; ang pagkaunawa sa isa o higit pa sa nasabing mga katangian; o kaugnayan sa isang tao o grupo na may isa o higit pa sa mga aktuwal o itinuring na katangiang ito.

*(cf. 4030 - Walang Diskriminasyon sa Trabaho)*
*(cf. 4032 - Makatwirang Akomodasyon)*
*(cf. 4033 - Akomodasyon sa Paggagatas)*
*(cf. 4119.11/4219.11/4319.11 - Sekswal na Pangha-harass)*
*(cf. 4161.8/4261.8/4361.8 - Pangangalaga sa Pamilya at Medikal na Pagliban)*
*(cf. 5131.2 - Pambu-bully)*
*(cf. 5145.3 - Walang Diskriminasyon/Pangha-harass)*
*(cf. 5145.7 - Sekswal na Pangha-harass)*
*(cf. 5146 - Mga Estudyante na May-asawa/Buntis/Magulang)*
*(cf. 6145.2 - Kompetisyon sa Palakasan)*
*(cf. 6164.4 – Pagtukoy at Pagsusuri ng Mga Indibidwal para sa Espesyal na Edukasyon)*
*(cf. 6164.6 - Pagtukoy at Edukasyon sa Ilalim ng Seksyon 504)*
*(cf. 6178 – Teknikal na Edukasyon sa Karera)*
*(cf. 6200 – Edukasyon para sa Nasa Hustong Gulang)*

Taun-taon, susuriin ng Superintendente o itinalaga ang mga programa at aktibidad ng distrito upang matiyak ang pag-aalis ng anumang hadlang na maaaring labag sa batas na pumipigil sa isang indibidwal o grupo sa alinman sa mga pinoprotektahang kategoryang nakasaad sa itaas mula sa pag-access sa mga programa at aktibidad ng distrito, kabilang ang paggamit ng mga pasilidad. Dapat iulat ng Superintendente o itinalaga ang kanyang mga napag-alaman at rekomendasyon sa Lupon pagkatapos ng bawat pagsusuri.

*(cf. 1330 – Paggamit ng Mga Pasilidad)*

Alinsunod sa 34 CFR 104.8 at 34 CFR 106.9, aabisuhan ng Superintendente o itinalaga ang mga estudyante, magulang/tagapag-alaga, empleyado, mga organisasyon ng empleyado, mga aplikante para sa pagpasok at pagtatrabaho, at pinagmumulan ng referral para sa mga aplikante tungkol sa patakaran ng distrito sa walang diskriminasyon at mga kaugnay na pamamaraan ng reklamo. Dapat isama ang nasabing abiso sa bawat anunsyo, pahayagan (*bulletin*), katalogo, manwal (*handbook*), form ng aplikasyon, o iba pang materyal na ipinamamahagi sa mga grupong ito.

*(cf. 1312.3 - Naaalinsunod na Pamamaraan ng Reklamo)*
*(cf. 4112.9/4212.9/4312.9 - Mga Abiso ng Empleyado)*
*(cf. 5145.6 - Mga Abiso ng Magulang)*

Ang patakaran sa walang diskriminasyon ng distrito at mga kaugnay na materyal na nagbibigay ng impormasyon ay dapat ihayag sa isang format na mauunawaan ng mga magulang/tagapag-

alaga. Bilang karagdagan, kapag 15 porsyento o higit pa sa mga estudyante ng paaralan ay nagsasalita ng isang pangunahing wika maliban sa Ingles, ang mga materyal na iyon ay dapat isalin sa ibang wika na iyon.



**Pag-access para sa Mga Indibidwal na may Mga Kapansanan**

Ang mga programa at pasilidad ng distrito, na tinitingnan sa kabuuan ng mga ito, ay dapat sumusunod sa Batas sa Mga May Kapansanan Amerikano (*Americans with Disabilities Act*) at anumang mga nagpapatupad ng pamantayan at/o regulasyon.

*(cf. 6163.2 - Mga Hayop sa Paaralan)*
*(cf. 7110 - Master Plan ng Mga Pasilidad)*
*(cf. 7111 - Pagsusuri ng Mga Dati Nang Gusali)*

Dapat tiyakin ng Superintendente o itinalaga na nagbibigay ang distrito ng naaangkop na mga karagdagang tulong at serbisyo kapag kinakailangan upang mabigyan ng pantay na pagkakataon ang mga indibidwal na may kapansanan na lumahok o tamasin ang mga benepisyo ng isang serbisyo, programa, o aktibidad. Maaaring kabilang sa mga tulong at serbisyong ito, ngunit hindi limitado sa, mga kwalipikadong tagapagsalin (*interpreter*) o mambabasa (*reader*), mga pantulong na device sa pakikinig (*assistive listening devices*), mga nagtatala (*notetakers*), mga nakasulat na materyales, naka-tape na teksto, at Braille o malalaking print na materyales.

*(cf. 6020 - Pakikibahagi ng Magulang)*

Dapat ipagbigay-alam ng mga indibidwal na may kapansanan sa Superintendente o punong-guro kung sila ay may kapansanan na nangangailangan ng espesyal na tulong o mga serbisyo. Dapat ibigay ang makatwirang abiso bago ang tungkulin, programa, o pagpupulong na itinataguyod ng paaralan.

*(cf. 9320 - Mga Pagpupulong at Abiso)*
*(cf. 9322 - Mga Materyales sa Agenda/Pagpupulong)*

*Ligal na Sanggunian:*

*<u>KODIGO NG EDUKASYON</u>*
*200-262.4 Pagbabawal ng diskriminasyon*
*48985 Mga abiso para sa mga magulang sa wika maliban sa Ingles*
*51007 Layuning pambatas: patakaran ng estado*
*<u>KODIGO NG PAMAHALAAN</u>*
*11000 Mga kahulugan*
*11135 Walang diskriminasyon sa mga programa at aktibidad na pinondohan ng estado*
*11138 Mga tuntunin at regulasyon*
*12900-12996 Batas sa Patas na Trabaho at Pabahay*

*54953.2 Pagsunod ng Brown Act sa Batas sa Mga May Kapansanan Amerikano (Americans with Disabilities Act)*
*<u>PENAL CODE</u>*
*422.55 Kahulugan ng hate crime*
*422.6 Panghihimasok sa karapatan o pribilehiyo ng konstitusyon*
*<u>KODIGO NG MGA REGULASYON, PAMAGAT 5</u>*
*4600-4687 Naaalinsunod na mga pamamaraan ng reklamo*
*4900-4965 Walang diskriminasyon sa mga programa sa elementarya at sekondaryang edukasyon*
*<u>KODIGO NG ESTADOS UNIDOS, PAMAGAT 20</u>*
*1400-1482 Batas sa Edukasyon ng Mga Indibidwal na may Kapansanan*
*Nagpatuloy ang Ligal na Sanggunian: (tingnan ang susunod na pahina)*



## **WALANG DISKRIMINASYON SA MGA PROGRAMA AT AKTIBIDAD NG DISTRITO** (nagpatuloy)

*Ligal na Sanggunian: (nagpatuloy)*
*1681-1688 Diskriminasyon batay sa kasarian o pagkabulag, Pamagat IX*
*2301-2415 Batas sa Bokasyonal at Inilapat na Teknolohiya ni Carl D. Perkins*
*6311 Mga plano ng Estado*
*6312 Mga plano ng ahensya ng lokal na edukasyon*
*<u>KODIGO NG ESTADOS UNIDOS, PAMAGAT 29</u>*
*794 Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973*
*<u>KODIGO NG ESTADOS UNIDOS, PAMAGAT 42</u>*
*2000d-2000d-7 Pamagat VI, Batas sa Karapatang Sibil ng 1964*
*2000e-2000e-17 Pamagat VII, Batas sa Karapatang Sibil ng 1964 na binago*
*2000h-2000h-6 Pamagat IX*
*12101-12213 Batas sa Mga May Kapansanan Amerikano*
*<u>KODIGO NG MGA PEDERAL NA REGULASYON, PAMAGAT 28</u>*
*35.101-35.190 Batas sa Mga May Kapansanang Amerikano*
*36.303 Mga karagdagang tulong at serbisyo*
*<u>KODIGO NG MGA PEDERAL NA REGULASYON, PAMAGAT 34</u>*
*100.1-100.13 Walang diskriminasyon sa mga pederal na programa, nagpapatupad ng Pamagat VI*
*104.1-104.39 Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973*
*106.1-106.61 Diskriminasyon batay sa kasarian, nagpapatupad sa pamagat IX, lalo na sa:*
*106.9 Pagpapakalat ng patakaran*

*Mga Mapagkukunan ng Pamamahala:*
*<u>MGA PUBLIKASYON NG CSBA</u>*
*<u>Pagbibigay ng Ligtas, Hindi Nandidiskriminang Kapaligiran ng Paaralan para sa Mga Estudyanteng Transgender at Hindi Naaayon sa Kasarian</u>, Pagbibigay-impormasyon tungkol sa Patakaran, Pebrero 2014*
*<u>Pansamantalang Patnubay Hinggil sa Mga Estudyanteng Transgender, Privacy, at Mga Pasilidad</u>, Setyembre 27, 2013*
*<u>Ligtas na Mga Paaralan: Mga Estratehiya para sa Mga Lupong Tagapamahala upang Matiyak ang Tagumpay ng Estudyante</u>, 2011*
*<u>KAGAWARAN NG EDUKASYON NG U.S., TANGGAPAN PARA SA MGA PUBLIKASYON NG KAPATANG SIBIL</u>*
*<u>Paunawa ng Walang Diskriminasyon</u>, Enero 1999*
*<u>Pagprotekta sa Mga Estudyante mula sa Pangha-harass at Hate Crime</u>, Enero 1999*
*<u>Walang Diskriminasyon sa Mga Kasanayan sa Pagtatrabaho sa Edukasyon</u>, Agosto 1991*
*<u>MGA PUBLIKASYON NG KAGAWARAN NG HUSTISYA NG U.S.</u>*
*<u>2010 Mga Pamantayan para sa Naa-access na Disensyo ng ADA</u>, Setyembre 2010*

*MGA WEB SITE*
*CSBA: http://www.csba.org*
*Kagawaran ng Edukasyon ng California: http://www.cde.ca.gov*
*Koalisyon ng Ligtas na Mga Paaralan: http://www.casafeschools.org*
*Pacific ADA Center: http://www.adapacific.org*
*Kagawaran ng Edukasyon ng U.S., Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil: http://www.ed.gov/about/offices/list/ocr*
*Kagawaran ng Hustisya ng U.S., Dibisyon ng Karapatang Sibil, Batas sa Mga May Kapansanang Amerikano: http://www.ada.gov*

Patakaran **PINAG-ISANG MGA PAARALAN NG DISTRITO NG SAN DIEGO**
Pinagtibay: Disyembre 13, 2016 San Diego, California
Binago: Hulyo 25, 2018